P-ISSN - 16551451
E-ISSN - 2350-8094

# HARVEST

The Institutional Research Publication
of Baliuag University

VOLUME 14, NO. 1

2018

**EDITORIAL BOARD**

EDITOR IN CHIEF
*Dr. Maria N. Cusipag*

MANAGING EDITOR
*Ms. Ma. Niña I. Adriano*

COPY EDITOR
*Myra P. Gonzales*

CONSULTANTS

*Dr. Flordeliza A. Castro*
Vice-President for Academic Affairs and Research

*Dr. Ma. Alicia Bustos-Orosa*
OIC, Center for Research and Publications

---

**This publication is a refereed journal.**

***Harvest*** is a journal published annually by Baliuag University's Center for Research and Publications. It adheres to the promotion of multi-disciplinary and timeliness of issues.

Articles included in every issue do not represent the views and opinions of the Editorial Board.

The journal's website may be accessed through http://www.ejournals.ph/index.php?journal=HARVEST.

---

# HARVEST

The Institutional Research Publication of Baliuag University

**BALIUAG UNIVERSITY**

Baliwag, Bulacan

VOLUME 14, ISSUE NO. 1
SEPTEMBER 2018

HARVEST

*The Institutional Research Publication of Baliuag University*

*Volume 14, Issue No. 1* *2018*

## TABLE OF CONTENTS

| | | |
|---|---|---|
| *Ma. Niña I. Adriano*<br>*Myra P. Gonzales* | *1* | Attitudes and Perceptions of Baliuag University Students Toward Internationalization Amidst ASEAN Integration |
| *Marie Joyce D. Veneracion* | *22* | Nasyonalismo: Ang Makabayang Pilosopiya sa Pagpapanumbalik ng Maka-Pilipinong Kamalayan |
| *Rolando R. Calma, DBA* | *49* | A Tracer Study of the Bachelor of Science in Business Administration Graduates of Baliuag University From 2013 to 2015 |
| *Leticia T. Alcantara*<br>*Willam DC. Enrique, PhD*<br>*Don Jose DG. Pangilinan* | *80* | Professional Preparedness of Student Teachers of Baliuag University College of Education |
| *Sammy Isidro P. Pagaduan* | *113* | Si *Boss* o si *Bossing*: Persepsyon ng mga Kawaning Baliwageño sa Kanilang Tagapamuno |
| *Christian E. Jordan* | *141* | Finding the Missing Pieces: The Impact of Spirituality on the Death Anxiety Experienced by Elderly Individuals |
| *Maria N. Cusipag, PhD* | *165* | The Self-Reviewed Compositions of Taiwanese EFL Learners Exposed to Different Feedback Patterns |
| | *188* | About the Authors |

# Nasyonalismo: Ang Makabayang Pilosopiya sa Pagpapanumbalik ng Maka-Pilipinong Kamalayan

*Marie Joyce D. Veneracion*

Abstrak

Ang nasyonalismo o makabayang pilosopiya ay tumutugon hindi lamang sa pagiging makabayan kundi sa pagkakaroon ng paninindigan, karapatan, diwa, at pakikisangkot para sa lipunan. Layunin ng pilosopiyang ito na iangat at mapaunlad ang pamumuhay ng isang tao. Kung ang lahat ng mamamayan ay maunlad, kasabay nito ang pag-unlad na rin ng kanyang lipunan. Kaya naman nagmungkahi si Renato Constantino na gamitin ang edukasyon sa kritikal na pagpapanibago ng lipunan. Ang kanyang adbokasiya na ito ay nag-ugat sa sistema ng edukasyon na ipinakilala ng mga Amerikano kung saan nawala ang diwang nasyonalismo at nagkaroon ng kolonyal na kaisipan ang mga Pilipino. Sa pamamagitan ng edukasyon, mapapanumbalik ang maka-Pilipinong diwa at kamalayan. Dapat na ituro sa mga mag-aaral sa paaralan ang katutubong sining, kalinangan, at kaisipan gamit ang ating sariling wika. Kasama na rito ang mga pag-aaral ng mga Pilipinong dalubhasa, at higit sa lahat, ang mga pagpapahalaga na matututunan hindi lamang sa mga aklat kundi sa karanasan. Nararapat din na ituro sa mga mag-aaral na makialam at makisangkot sa pagpapanibago ng lipunan kung saan ang pagkilos, pakikiisa, at pakikibaka ng mga mamamayan ay tungo sa pagpapaunlad ng bansa. Ang mga pagpapahalagang napag-aralan ay dapat na isabuhay o isagawa upang maisakatuparan ang layunin ng nasyonalismo.

*Mga susing salita:* nasyonalismo, Renato Constantino, edukasyon, pagpapanibagong panlipunan

Hindi kaila sa ating mga Pilipino ang kasaysayan ng pananakop ng mga banyaga sa Pilipinas. Mula sa pag-aaral sa elementarya hanggang sa kolehiyo ay naging bahagi ng kasaysayan ang mga asignatura na itinuturo sa mga paaralan at maging sa unibersidad. Dumating ang iba't ibang banyaga na sumakop sa ating bansa nang matagal na panahon. Ang mga Espanyol ay sumakop sa ating bansa nang mahigit sa tatlong daang taon (1581-1898). Dahil sa tagal ng kanilang pananakop, sila na marahil ang may pinakamalaking impluwensya sa ating bansa mula sa ating kultura hanggang sa mga paniniwala. Ang pinaka-malaki at pinakamalinaw na impluwensya ng mga Kastila sa ating bansa ay ang relihiyong Katoliko na nakikita pa rin sa ating pangkasalukuyang pamumuhay bilang mga Pilipino. Ang relihiyong ito ang ginamit nilang instrumento upang masakop, mapaniwala, at mapasunod ang mga Pilipino nang mga panahong iyon. Maging sa larangan ng pilosopiya, ang relihiyon pa rin ang nangingibabaw sa pamamagitan ng Katolikong pilosopiya lalung-lalo na ang pilosopiya ni Santo Tomas Aquinas (Quito, 1983). Hindi rin nagtagal ay naitanim na sa puso at diwa ng mga Pilipino ang Katolisismo at ang mga gawi at paniniwala ng mga Kastila tungkol sa edukasyon, pamamahala sa gobyerno, kultura, pamumuhay, at maging sa kaisipan. Nang panahon ding iyon, nagkaroon ng diskriminasyon at mababang pagtingin sa mga Pilipino. Hindi nagtagal, ang mga Pilipino ay nag-aklas laban sa mga Kastila. Naging marahas man ang kanilang pamamaraan ay nakamtan pa rin ang kasarinlan laban sa mga banyaga.

Ngunit hindi rito natapos ang pagiging alipin o tagasunod ng mga Pilipino sa kanilang sariling bayan. Ang mga Amerikano ay mga banyagang nagdala rin ng kanilang mga kultura at paniniwala sa ating bansa. Ang pinakamalaking impluwensya ng mga Amerikano ay ang kanilang wikang Ingles. Sa pananatili ng mga Amerikano, nakuha rin ng

mga Pilipino ang maka-Kanluraning pag-isip at pananalita. Ang mga Pilipino ay nahumaling na sa pagkatuto sa wikang Ingles. Ang mga paaaralan, lalo na ang mga kolehiyo at unibersidad, ay ginamit ang wikang Ingles sa pagtuturo. Hanggang ngayon, ang wikang Ingles ay atin pa ring sinasalita at ginagamit sa mga paaralan. Masasabi na mas napatatag pa ang paggamit ng wikang Ingles sa ating kasalukuyang panahon kahit sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Ang mahahalagang pangyayaring ito sa ating kasaysayan ang nagbigay ng kulay at nagdala sa atin kung ano tayo ngayon bilang mga Pilipino. Ngunit alam nating lahat na bago pa man dumating ang mga banyagang ito ay mayroon na tayong sariling kultura, wika, paniniwala, at mga kaisipan. Ang ating mga ninuno, bago pa dumating ang mga Kastila, ay mayroon nang maka-Pilipinong gawi at pamumuhay at sariling pagkakilanlan. Silang mga banyaga ang dumating at nanatili rito sa ating bansa ngunit tayo ang naimpluwensyahan nila; sila na mula sa labas ang nagdala ng kanilang kultura at paniniwala na nagbago sa ating pamumuhay. Tayong mga Pilipino ang sumunod at gumamit sa kanilang kultura at mas napayabong pa ito. Parang nawala na ang ating kultura at pagkakilanlan bilang taal na Pilipino. Tila ito ay isang kabuktutan para sa ating bansa.

Ngayon ang Pilipinas ay malaya na sa mga banyaga. Ngunit ang mga banyagang paniniwala at kaisipan ay nananatili pa rin sa ating katauhan. Ito ay nangangahulugan lamang na hindi pa tapos ang laban nating mga Pilipino para sa tunay na kasarinlan. Maraming Pilipino ang nakikipaglaban na hindi gumagamit ng dahas para sa bansa. Ang mga Pilipinong ito ay gumamit ng mga maka-Pilipinong kaisipan upang labanan ang banyagang kaisipan. Ang mga maka-Pilipinong kaisipan ang nagpasimula ng pilosopiya ng nasyonalismo na naging layunin ng iba't ibang pilosopo para sa Pilipinas. Ang nasyonalismo

at edukasyon ang kanilang pangunahing sandata sa pagpapalaya at pagpapalawak ng kamalayan ng mga Pilipino.

Pangkalahatang layunin ng sulating ito na ilarawan kung ano nga ba ang pagkamaka-bayan o nasyonalismo bilang isang pilosopiya sa larangan ng edukasyon. Ang mga pangunahing layunin ng sulating ito ay ang mga sumusunod:

1. Talakayin ang makabayang pilosopiya at pangkaisipang talambuhay ni Renato Constantino at ang kinalaman nito sa edukasyon;
2. Ilahad ang mga epekto ng maling pamamaraan ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas ayon kay Renato Constantino (*Miseducation of the Filipinos*).
3. Ipaliwanag ang mungkahing layunin, pamamaraan, nilalaman, at kurikulum ng edukasyon sa pagpapanumbalik ng pagka-Pilipino.

**Nasyonalismo o Makabayang Pilosopiya**

Ayon kay Agoncillo (1972), ang pagkamakabayang Pilipino ay ang paglaban sa imperyalismo sa kahit anong anyo. Ito ay ang pagkakaroon din ng sambayanan ng pagsasabuhay ng malayang buhay-pulitikal, sariling pamamahala, at panlipunang pag-unlad para maprotektahan ang kanilang kapakanan at karapatan (Sepeda, 2012).

Sinabi naman ni Diokno (1984) na ang pagiging makabayan ay hindi lamang tumutukoy sa pagiging makabansa ng isang tao. Ang pagkamakabayan ay ang paniniwala ng mga Pilipino na dahil sa Pilipinas sila naninirahan, sila ang may karapatan na pamahalaan ang kanilang bansa at ang may responsibilidad sa ikauunlad at ikaaayos nito. Dahil dito, may kaakibat itong pananalig na kaya nilang pamahalaan at ayusin ang pamamalakad sa kanilang bansa at gamitin ang kapangyarihan nito upang iangat ang estado ng pamumuhay, at mapaunlad at makatulong sa buhay ng bawat mamamayan. Kasama na rito ang

pantay-pantay na trato at mga karapatang pantao hindi lamang para sa mga elitista kundi para sa lahat (Sepeda, 2012).

Ang pagiging makabayan ay likas sa isang Pilipino at bahagi na ng kanyang paninindigan at paniniwala (Covar, 1991). Naging bahagi ito ng kanyang paninindigan dahil inaalam at inuunawa nito ang nakaraan. Dahil dito, naging kaisa rin ang kanilang diwa, pagpupunyagi, at buhay at nagkaroon ng malalim na ugnayan sa mga taong umukit at naging bahagi ng kasaysayan (Sepeda, 2012).

Ayon kay Diokno (1969), ang pagkamakabayang pilosopiya ay tumutukoy sa pansarili at pambansang pag-unlad at pagkakilanlan. Adbokasiya rin ng pilosopiyang ito na ang lahat ng mamamayan ay makikinabang sa mga yaman ng bansa, karapatan, at katarungan para lumago ang kanilang kaisipan at talino (Sepeda, 2012).

**Isang Makabayang Edukasyon**

Ang pagkakaroon ng edukasyon ay karapatan ng lahat ng mamamayan ng isang bansa. Ito ay nagmula sa batayan na may karapatang umunlad ang isang tao. Ang edukasyon para sa mga Pilipino ay hindi lamang karapatan kundi isang pananagutan. Bilang isang pananagutan, dapat na ang edukasyon ang magtatanim ng makabayang pagpapahalaga sa bawat mag-aaral na Pilipino. Ang mga pagpapahalagang ito ang bubura sa mga maka-kolonyal na pag-iisip at kamalayan ng mga Pilipino. Ang mga pagpapahalagang ito ang pupukaw rin sa damdamin ng mga mag-aaral upang buhayin ang ating dangal at pagkakilanlan bilang mga Pilipino (Kaakbay Vision, 1983).

Sinasabi rin na layunin ng mga kaalaman na natututunan sa paaralan ang makatulong sa pagpapaunlad hindi lamang ng sarili kundi pati ng ating bansa (Diokno, 1975). Ibig sabihin, ang kaunlaran at edukasyon ay isang kabuuan na hindi maaaring paghiwalayin.

Hindi magkakaroon ng isa kung wala ang isa (Sepeda, 2012). Sinabi rin ni Quito na ang edukasyon ay hindi lamang simpleng pagtuturo ng mga bagong kaalaman, kundi may malalim na layunin ito (Mahaguay, (n.d.). Sa edukasyon din nagsisismula ang pag-unlad. Ayon kay Quito, dapat ay magamit ang edukasyon sa pag-unlad. Kung walang pagbabago at pag-unlad na naganap, ito ay kaalaman lamang.

Naniniwala si Constantino (1982) na ang edukasyong nararapat para sa mga Pilipino ay dapat na tumutugon sa mga pangangailangan at patutunguhan ng bansa. Dapat na layunin ng edukasyon na humubog ng mga mag-aaral na may pagpapahalaga at kamalayan sa bansa para umunlad ito. Dapat na nag-iisip at kumikilos ang mga mag-aaral para sa kapakanan, kaligtasan, at kinabukasan ng lahat (Constantino, 1982).

Ayon naman kay Quito (2002), ang makabayang pilosopiya ay dapat na maging makasaysayan. Ipinaliwanag niya na ang mga kaisipan sa pilosopiya ay hinubog ng nakaraan. Mahalagang salik ng makabayang pilosopiya ng edukasyon ang kasaysayan kung saan isinasaalang-alang ang ating pagiging Pilipino.

Mahalaga ang pag-aaral ng kasaysayan dahil dito natin higit na nakikilala ang ating lahi at matutuklasan ang pinagmulan ng ating kultura, tradisyon, gawi, at paraan ng pamumuhay (Sepeda, 2012). Sa pag-aaral din ng kasaysayan, umaangat ang ating kamalayan kung saan mas nauunawaan ang ating lipunan batay sa mga pangyayari sa nakaraan (Constantino at Constantino, 1996).

**Renato Constantino**

Isa si Renato Constantino sa mga kilalang pilosopo sa Pilipinas. Ang kanyang pilosopiyang nasyonalismo ay hindi elitista, kundi nakabatay sa sambayanan at sa mga tao na maliwanag na isinasabuhay at ginagawa ang kanilang mga teorya. Isinasaalang-alang ni

Constantino sa kanyang pilosopiya ang karamihan sa populasyon ng Pilipinas kung saan ang interes at kapakanan ng mga tao at ng bansa ay iisa. Si Constantino ay handa ring talikdan ang kanyang magandang estado ng buhay upang makiisa sa kamalayan at oryentasyon ng mga Pilipino (Gripaldo, 2009).

Isa sa mga nailathalang libro ni Renato Constantino tungkol sa ating kasaysayan ay ang *The Philippines: A Past Revisited*. Naglalayon ang librong ito na maglahad ng tunay na kasaysayan ng Pilipinas upang magamit sa pangkasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Ito ay para rin pakinabangan ang kasaysayan sa pag-unlad, kaayusan, at pagpapanibago tungo sa makabayang lipunan. Nilayon din ni Constantino na ilahad ang kasaysayan ng Pilipinas sa pananaw ng mga Pilipino. Ipinaliwanag niya na ang kasaysayan ay hindi lamang mga istorya ng mga tao, kundi pati na ng kanyang lipunang ginagalawan at pakikihalubilo sa mga tao sa lipunan (Constantino, 1975). Kanya ding binigyang-diin na ang papel na ginampanan hindi lamang ng mga kilalang indibidwal, kundi ng masa at karamihan ng mga hindi pamilyar na personalidad na naging bahagi ng ating kasaysayan. Kaugnay nito, ang nasyonalismo ay dapat na nakabase sa masa o *mass-oriented*. Ito ay para sa karamihan ng mamamayan, hindi lamang para sa mga elitista o sa iilan (Gripaldo, 2009). Ibig sabihin, anuman ang layunin at gagawin, ito ay dapat para sa kapakinabangan ng lipunan. Ang pagsasaalang-alang na ito ni Constantino ay naihalintulad sa pag-iisip ni Karl Marx. Handang magsakripisyo sa buhay si Constantino upang magkaroon ng kamalayang katulad ng nakararaming Pilipino. Nasabi ito ni Constantino dahil sa pagkakaroon ng katulad na kamalayan ng nakararaming Pilipino, mas maiintindihan niya ng sitwasyon, pag-iisip, pag-uugali, oryentasyon, at kababaan ng mga Pilipino. Dito rin makikita ang tunay na pangangailangan ng lipunan, at isa rin itong paraan ng pagpapahayag ng damdaming makabayan.

Ang pagpupunyagi ay bahagi ng kasaysayan ng tao at ng lipunan. Ang lipunan ang resulta ng pagpupunyagi at pakikibaka ng mga tao tungo sa pagbabago at pag-unlad. Ang lipunan din ang resulta ng sama-samang pagpupunyagi at pakikibaka ng mga mamamayan. Sinabi rin ni Constantino na bahagi ng pagpupunyagi at pakikibaka ang pagtuklas sa mga potensyal na kakayahan at abilidad ng mga tao (Constantino, 1975). Sa madaling salita, sa hangad ng mga tao sa lipunan ng pagbabago at pag-unlad, kinakailangan munang pagdaanan ang iba't ibang suliranin at pakikihamok sa mga hamon na kinakaharap ng lipunan. Sa pakikipagpunyaging ito, lalabas at matutuklas ang mga kakayahan at abilidad ng mga tao, at magkakaroon ng lipunan na kanilang hinahangad.

Para kay Constantino, ang kasaysayan ay mga nakatalang kwento ng pakikihamok ng masa sa lipunan tungo sa kalayaan at kaayusan. Ang makasaysayang pagpupunyagi ng mga tao ay nagbibigay ng kakayahan sa lipunan para sa pagbabago (Constantino, 1975). Ang mga pangkaraniwang mamamayan ng lipunan ang nagiging katalista na nagdudulot ng pagbabago sa lipunan. Ang mga maliliit na boses, kapag pinagsama-sama, ay makakabuo ng malakas na tinig na sumisigaw para sa pagbabago ng lipunan. Ang mga mabababa, maliliit, at ordinaryong tao sa lipunan ay hindi nabibigyan ng pansin, ngunit ang mga taong ito ang may masidhing damdamin para sa lipunan. May tunay silang hangarin at kayang magsakripisyo para sa bansa. Sila ang mga nakikipaglaban para sa kalayaan at kaayusan ng lipunan. Kaya naman, sinabi ni Constantino na ang nasyonalismo ay dapat nakatuon sa mga ordinaryong mamamayan dahil sa kanila nakikita ang tunay na mukha ng lipunan.

**Pangkaisipang Talambuhay ni Constantino**

Kilala si Renato Constantino sa larangan ng kasaysayan at pilosopiya. Bukod dito, siya ay isa ring manunulat; aklat man o sa mga pahayagan. Isa rin siyang guro sa mga

unibersidad at kolehiyo sa Pilipinas. Higit sa lahat, isa siyang makabayan na nakipaglaban para sa demokrasya at nasyonalismo ng Pilipinas. Upang higit na makilala si Renato Constantino, narito ang kanyang pangkaisipang talambuhay na nagpapakita ng kanyang naging buhay, mga gawa at sulatin, pakikipaglaban, at pagtatagumpay (Simbulan, 2009).

• Ipinanganak siya noong Marso 10, 1919 sa Maynila.

• Noong 1939, siya ang naging punong patnugot ng *The Philippine Collegian*, ang opisyal na pahayagan ng mga mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas. Marami siyang sinulat at nilathala rito tungkol sa mga kalupitan ng mga Amerikano sa bansa. Dahil dito, siya ay inaresto at inimbistigahan.

• Nagtapos si Constantino ng kursong Batsilyer sa Pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas. Nakapag-aral din siya ng dalawang taon sa UP College of Law, at nagpatuloy ng pag-aaral sa New York noong 1947.

• Noong 1990, kinilala ang kanyang mga gawa at kontribusyon sa edukasyon at nasyonalismo ng Unibersidad ng Pilipinas at ginawaran siya ng Honorary Doctor of Laws (Honoris Causa).

• Noong panahon naman ng Commonwealth ni Manuel Quezon, siya ay binalaan dahil sa kanyang editoryal tungkol sa plano ni Quezon para bumuo ng isang partidong pamahalaan na maaaring maging daan sa pagiging diktador ng pangulo.

• Naging kalihim-tagapagpaganap si Constantino ng Philippine Mission to the United States mula 1946 hanggang 1949.

• Noong taong 1950, si Constantino ay napilitang tumigil sa pagtuturo at paglilingkod para sa pamahalaan. Wala ring may gustong maglathala at magpalabas ng kanyang mga sulatin na tumutuligsa sa sitwasyon ng Pilipinas nang nasabing panahon.

• Nang panahon ding iyon naging malapit si Constantino sa mga senador na sina Claro M. Recto at Lorenzo Tañada na hindi rin sang-ayon sa aktibidad ng pwersa militar ng Amerika sa bansa at pagkontrol ng Amerika sa ekonomiya ng Pilipinas.

• Naging tapagapangasiwa rin si Constantino ng Lopez Memorial Museum na kanyang napalaki at naisaayos.

• Nailimbag din niya ang *The Philippine Insurrection Against the United States* na isang koleksyon ng mga dokumento noong panahon ng digmaan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas na inilihim ng mga Amerikano.

• Sumulat din siya ng sanaysay na pinamagatang "Historical Truths from Biased Sources" na kanyang ipinamigay sa mga institusyon at aklatan para sa kaalaman ng lahat.

• Noong dekada setenta, bawat sanaysay ni Constantino ay nailathala bilang isang polyeto. Ilan sa mga ito ay ang "Origin of a Myth," "Roots of Subservience," "The Filipino Elite," "Society Without Purpose," "Towards a New Past," "The New Missionaries," "Fascism: Prospect and Retrospect," The Radical Campus Press," at "Parents and Activists."

• Isa pang popular na sulatin ni Constantino na nailathala ay ang "The Miseducation of the Filipinos." Ang sanaysay na ito ay tungkol sa kung paanong ginamit ng mga Amerikano ang edukasyon upang masupil ang makabayang damdamin ng mga Pilipino na umusbong mula sa kakatapos lamang na digmaan sa pagitan ng Pilipinas at Espanya. Ang edukasyon din ang ginamit ng mga Amerikano upang mapasunod at mahubog ang mga Pilipino sa kanilang kulturang Kanluranin.

• Nailathala din ni Constantino ang kontrobersyal na "Veneration Without Understanding." Dito, tinutuligsa niya ang paghirang ng mga Amerikano kay Jose Rizal bilang pambansang bayani ng Pilipinas. Kanyang binansagan si Rizal na isang "American

canonized hero." Ang mga Amerikano lamang ang gumawa kay Rizal bilang pangunahing bayani ng bansa.

• Naatasan si Constantino ng Recto Memorial Foundation na maging editor at tagatipon ng *The Recto Reader,* isang kalipunan ng mga talumpati ni Recto tungkol sa nasyonalismo at pagiging makabayan, gayundin sa Konstitusyon at lagay ng pulitika sa bansa.

• Nag-ambag din si Constantino upang mabuo ang "Movement for the Advancement of Nationalism," isang institusyon na naglalayong payabungin ang damdaming makabayan.

• Sa kanyang talumpati sa harap ng mga guro at mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1983, sinabi ni Constantino na dapat silang makisangkot sa mga pangyayari sa lipunan, hindi lamang sa paghubog ng mga kakayahan upang mapakinabangan.

• Ilan sa pinakamahalagang gawa ni Constantino ay ang mga libro tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas, ang *A Past Revisited* at *The Continuing Past* kung saan katulong niya sa pagsusulat ang kanyang kabiyak na si Letizia Constantino. Sa kanyang mga akda, kanyang binigyan-diin ang mga naging papel ng masang Pilipino sa kasaysayan ng bansa.

• Ang kanyang aklat na *A Past Revisited* ay tumatalakay sa kasaysayan ng Pilipinas bago ang pananakop ng mga Kastila hanggang sa panahon ng Commonwealth. Ang pangalawang akda na *The Continuing Past* ay tumatalakay naman sa pananakop ng mga Hapon hanggang sa pamumuno ni Pangulong Diosdado Macapagal.

• Pumanaw si Constantino noong Setyembre 15, 1999, nang panahong kanilang sinusulat ang pangatlong libro ng kasaysayan ng Pilipinas na tumatalakay ng panunungkulan ni Pangulong Ferdinand Marcos.

**Pilosopiya ni Renato Constantino**

Ang nasyonalismong pilosopiya ni Constantino ay nalinang mula sa panahon ng kolonyalismo sa ating bansa. Inilalarawan dito ang mga epekto ng kolonyalismo sa ating bansa, lalo na sa kultura, kaisipan, gawi, pamamaraan, at maging sa mga pagpapahalaga na nananatili pa rin kahit wala na sa bansa ang mga mananakop. Sa nasyonalismo rin ay pinag-aaralan ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan upang maintindihan ang kasalukuyang kalagayan ng bansa at kung paano ito makatutulong sa pagharap sa kinabukasan sa makabayang pamamaraan (Gripaldo, 2009).

Ang pilosopiya ni Constantino ay maiintindihan sa dalawang dimensyon: sa pamamaraang *psychological* at *economic* (Gripaldo, 2009).

Sa dimensyong *psychological,* ipinaliwanag ni Constantiono na ang kamalayan nating mga Pilipino ay naimpluwensyahan at naakit ng mga dayuhang kamalayan. Sa madaling sabi, ang kamalayan at kaisipan na ating natutuhan ay naaangkop sa kanilang kultura at kaisipan. Naging bihag ang ating kamalayan ng kolonyal na kamalayan o *colonial consciousness* at kolonyal na mentalidad o pag-iisip.

Ginamit ng mga Kastila ang relihiyon bilang instrumento ng paghubog ng kolonyal na kamalayan sa mga Pilipino. Hanggang ngayon, dala pa natin ang mga kaisipan at paniniwala na nakuha at natutuhan natin sa Katolisismo. Noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, ginamit ang Katolisismo sa pagtuturo ng mga pagpapahalaga sa simbahan, paaralan, at sa tahanan. Sa ganitong paraan, madaling naniwala at mabilis na napasunod ang mga Pilipino sa kahit anumang sabihin ng mga prayle. Nakontrol ng mga prayle ang pag-iisip ng mga Pilipino at ginawang sentro ng kanilang pag-iisip at pamumuhay ang relihiyon (Gripaldo, 2009).

Noong panahon naman ng mga Amerikano, ang wikang Ingles naman ang kanilang ginamit na intrumento sa paghubog ng *colonial consciousness* ng mga Pilipino. Isinagawa ang sistema ng edukasyon ng mga Amerikano sa ating bansa. Ang wikang ginamit na panturo sa mga paaralan at unibersidad ay wikang Ingles. Ang pagmanipula ng mga Amerikano sa kamalayan ng mga Pilipino ay nagbunsod sa maling konsepto ng edukasyon. Nagkaroon ng mga maling impormasyon, maling paniniwala, at maling kaisipan sa mga Pilipino. Nagkaroon din ng maling interpretasyon sa datos ng ating kasaysayan. Ipinamukha ng mga Amerikano na sila ang nagbigay ng kabutihan sa ating bansa. Nanatili sa kamay ng mga Amerikano ang kontrol sa ating edukasyon, at hinirang nila si Jose Rizal bilang pambansang bayani (Gripaldo, 2009).

Si Constantino ay nagmungkahi na ang remedyo sa *colonial mentality* ay ang *nationalist consciousness* o makabayang kamalayan (Gripaldo, 2009). Naglahad si Constantino ng apat na uri ng nasyonalista. Una ay ang mga *faddists* o *poseurs* kung saan ang kanilang pagiging makabayan ay sa salita lamang. Walang gawa kung saan sila mapagkakatiwalaan dahil kahit kailan ay kaya nilang manlinlang at ipagkanulo ang pagkanasyonalista. Ikalawa ay ang emosyonal na nasyonalista kung saan matapat sila sa pagiging nayonalista ngunit bahagya lamang ang kanilang pagkaunawa rito. Ikatlo ay ang mga *purely intellectual nationalist* kung saan taos ang kanilang pagkaunawa ngunit hindi handang isakripisyo ang sariling kapakanan. Ang panghuli ay ang mga *genuine nationalist* kung saan ang pagtatalaga ng sarili para sa lipunan ay matatag at matibay. Kaya nilang isakripisyo ang sariling buhay sa pagbuo ng makabayang lipunan. Ang mga nasyonalistang ito ay radikal, matatapang, at kayang humarap sa mga protesta at maging aktibista tungo sa layuning pagpapanibago sa lipunan (Gripaldo, 2009).

Ang ikalawang dimensyon sa pilosopiya ni Renato Constantino ay ang aspektong ekonomikal (Gripaldo, 2009). Naniniwala siya na ang kahirapan at hindi pag-unlad ay resulta ng pagkontrol ng dayuhan sa ating bansa. Halos lahat ng bagay sa ating bansa mula sa pagkain, serbisyo, at iba't ibang produkto pati ang buong ekonomiya ay kontrolado ng mga banyaga at kapitalista (Gripaldo, 2009).

Ayon kay Constantino, ang tunay na nasyonalismo ay may dalawang katangian: (1) makamasang nayonalismo o para sa nakararami at (2) dapat kontra-imperyalismo (Gripaldo, 2009). Ayon sa kanya, nararapat lamang na ang pinagtrabahuhan at mga produkto na gawa sa Pilipinas ay mga Pilipino ang makinabang. Dapat ding magkaroon ng pagkakaisa para sa iisang layunin ng lipunan.

Naging adbokasiya ni Constantino na gamitin ang edukasyon sa dekolonisasyon at pag-unlad. Sinabi rin niya na ang edukasyon ang pinakamainam na kasangkapan sa pagpapanibago ng lipunan (Gripaldo, 2009). Ang pagpapanibago sa lipunan ay dapat na mag -umpisa sa paaralan kung saan hinuhubog ang mga kabataan para sa kanilang pakikipag-sapalaran sa lipunan. Ang mga pamamaraan ng pagtuturo at nilalaman ng kurikulum ay dapat na may kinalaman sa pakikisangkot sa mga realidad at totoong pangyayari sa lipunan (Gripaldo, 2009).

**Ang Epekto ng Maling Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas ayon kay Constantino *(Miseducation of the Filipinos)***

Isang akda ni Constantino ang *Miseducation of the Filipinos*. Sa kanyang sulating ito, binanggit niya ang naging sistema ng edukasyon ng panahon ng mga Amerikano sa bansa at ang epekto nito na humantong sa pagbabago ng kamalayan ng mga Pilipino.

Sinakop ang Pilipinas ng mga Amerikano na nagpakilala bilang mga kakampi na

gustong tumulong upang makabangon at maibalik ang kayusan sa ating bansa. Ang sistema ng edukasyon na ipinakilala ng mga Amerikano ay nakatugma sa kanilang imperyalistang balak para sa ating bansa (Constantino, 1959).

Sa pagdating ng mga Amerikano, nagkaroon ng mabilis na pagdami ng mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Ito ay para gawing edukado at mabuting mamamayan ang mga Pilipino sa ilalim ng pamumuno ng mga Amerikano (Constantino, 1959). Ang mga pag-iisip ng mga kabataang mag-aaral ay nahubog sa pagsunod sa mga ideya ng mga Amerikano. Mga Amerikano rin ang nagsilbing mga unang guro sa mga paaralan. Dahil sa edukasyon, naakit ang mga Pilipino sa mga bagong kaisipan. Ang wikang Ingles na rin ang ginamit na panturo sa mga paaralan at unibersidad at wala namang magawa ang mga Pilipino kundi ang sumunod. Mas maraming Pilipino ang natutong magbasa at magsulat at nahasa sa pagsasalita ng wikang Ingles. Dito na nagkaroon ng kolonyal na mentalidad ang mga Pilipino. Naging matagumpay ang mga Amerikano sa paghubog ng kolonyal na kamalayan ng mga edukadong Pilipino (Constantino, 1959).

Ang sistema ng edukasyon na ginamit ng mga Amerikano ay naging matagumpay lamang nang ang mga Amerikano rin ang naging mga guro. Dumating ang barkong *SS. Thomas* lulan ang animnaraang gurong Amerikano na magtuturo sa Pilipinas. Ang mga serbisyo ng edukasyon ay naangkop para sa mga Pilipino, ngunit ayon sa Jones Act, mga Amerikano lang ang maaaring mamuno sa Kagawaran ng Edukasyon. Ang posisyong ito ay hindi pinahawakan sa mga Pilipino hanggang 1935 (Constantino, 1959).

Bukod sa layunin ng edukasyon na isalba tayo sa kamangmangan, nilayon din ng mga Amerikano na sanayin ang mga Pilipino bilang kolonya ng Amerika (Constantino, 1959). Ibig sabihin, dapat na ang mga Pilipino ay masanay sa mga gawi, pag-iisip, at

paniniwala ng mga Amerikano. Dito nag-umpisa ang maling pagkatuto ng mga Pilipino. Natuto silang maging kolonya ng Amerika. Tila ba Pilipino ang dugong nananalaytay sa mga ugat ng mga tao ngunit ang kanilang diwa ay hinubog upang maging Amerikano.

Kaugnay ng edukasyon na ginamit para masakop ang Pilipinas ay ang desisyon na wikang Ingles ang maging instrumento ng pagkatuto. Ang wikang Ingles ang naghiwalay sa nakaraan at sa kasalukuyang estado ng pamumuhay ng mga Pilipino. Ang wikang Ingles din ang nagpakilala sa mga Pilipino sa bagong mundo. Dahil dito, hindi lamang bagong wika ang kanilang natutuhan, kundi isang panibagong pamumuhay na nakaayon sa tradisyon at kultura ng mga dayuhan. Dito na nag-umpisa ang maling pagkatuto ng mga Pilipino. Natuto sila hindi na bilang mga Pilipino, kundi bilang mga mamamayan ng Amerika (Constantino, 1959).

Ang naging resulta ng mga pangyayaring ito ay ang maka-kolonyal na kamalayan kung saan nawawala ang pagkamakabayan ng isang tao. Tinawag ang ganitong pag-iisip na *colonial mentality* (Gripaldo, 2009). Sa ganitong disposisyon, ang pag-iisip ng mga tao ay nakatuon para sa ibang bansa at ibang lahi kasama na ang kagustuhang magaya ang mga gawi, paniniwala, pag-uugali, pati na ang pananamit at pananalita ng mga banyaga.

**Ang Makabayang Edukasyon sa Pagpapanumbalik ng Pagka-Pilipinong Kamalayan**

Sa bahaging ito, ilalarawan ang mga layunin, katangian, pamamamaraan, at nilalaman ng mga kurikulum sa pagtuturo sa paaralan na naaayon sa makabayang pilosopiya. Gayundin, ilalahad ang mga pamamaraan kung paano ang mga pamamaraan at nilalaman ng kurikulum ay makatutulong sa pagpapanibago ng lipunan.

**Layunin ng Makabayang Edukasyon**

Salungat sa nakasanayan nang pagpapadami ng mga kaalaman na sinusukat sa

pamamagitan ng mga pagsusulit, ang layunin ng makabayang edukasyon ay iangat ang kamalayan ng mga mamamayan. Ito ay magdudulot sa kanila ng mga pagpapahalaga na pupukaw sa kanilang damdamin at tutulong sa kanilang mga kakayahan na kumilos para sa kanilang ikauunlad (Sepeda, 2012). Kinakailangan na ang mga mag-aaral ay may malalim na pagkakakilala hindi lamang sa kanilang mga pagkatao kundi pati na sa kanilang kasaysayan, lahi, kalinangan, at pagpapahalaga. Mapapayabong pa ang pagkatao at mapapalipad ang diwa ng isang tao. Ibig sabihin nito ay mas lalawak ang pagkaunawa sa mga bagay-bagay at matututong mangarap nang higit upang makaalis sa kasalukyang estado at maging maunlad ang pamumuhay (Sepeda, 2012).

Katugon sa layunin ni Constantino, ang edukasyon din ay dapat na gamitin para sa dekolonisasyon ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng edukasyon, mapapanumbalik ang mga kalinangan, kaisipan, katangian, at pagkakakilanlan ng isang Pilipinong walang bahid ng kolonyalismo.

**Katangian ng Makabayang Edukasyon**

Sa makabayang edukasyon, magkaugnay ang teorya at praktika mula sa layunin, nilalaman, proseso, at pamamaraan (Sepeda, 2012). Dapat ay hindi pinaghihiwalay ang mga kaalaman at ang praktika o pakikisangkot sa pagtuturo. Kung anuman ang mga teorya, kaisipan, at kaalaman na itinuturo ay ito rin ang ginagawa at pinakikisangkutan. Higit na mauunawaan ang kahulugan ng mga teorya at kalaman kung ang mga ito ay isasagawa sa mga tunay na sitwasyon sa buhay.

Ang makabayang edukasyon ay dapat kritikal na nakaugat sa ating mga karanasan. Dito ay dapat na matutunan ang magtanong at maghanap ng kasagutan kung saan magkatuwang ang mag-aaral at ang guro sa pagtuklas. Sa ganitong paraan, mahahasa ang

kaisipan ng mga mag-aaral. Ang proseso ng pagtuklas mula sa mga tanong at kasagutan ay dapat na nakabatay sa mga karanasan. Sa karanasan magmumula ang mga tanong at sa karanasan din matatapos ang pagkatuto at paghahanap ng kasagutan (Sepeda, 2012).

Ang makabayang edukasyon ay malaya at mapagpalaya. Ang edukasyon ang magiging daan upang mapalabas at mapukaw ang mga natatagong kakayahan, talento, at pagkamalikhain hindi lamang ng mga mag-aaral kundi pati ng mga guro. Sa ganitong paraan, aangat ang kanilang kamalayan, magigising sila sa katotohanan, at mas mapapaunlad ang kanilang pagkatao (Sepeda, 2012). Sinasabing ang makabayang edukasyon ay mapagpalaya dahil nagkakaroon ng pagkakataon na mabago ang katangian ng isang tao at mapalaya ang kanyang tunay na pagkatao.

Ang makabayang edukasyon ay makatao at nagtataguyod ng karapatan at pananagutan ng isang tao. Tayong lahat ay nagsisimula bilang isang tao na may dangal bago maging isang mag-aaral o Pilipino. Kinikilala ng edukasyon ang ating pagkatao at itinataguyod ang karapatang pantao at mga pananagutan (Sepeda, 2012). Kinikilala ng edukasyon ang ating pagkakahalintulad at pagkakaiba-iba bilang mga tao.

Higit sa lahat, ito ay makabayan. Kinikilala ng edukasyong ito ang ating pagiging Pilipino, ang ating lahi, pinagmulan, kultura, kasaysayan, mga katutubong kaisipan at paniniwala, at mga pagpapahalaga. Ito ay isang makatotohanang edukasyon kung saan walang itinatagong lihim o mga hindi makatotohanang impormasyon (Sepeda, 2012). Maging ang mga hindi kanais-nais na bahagi ng ating kasaysayan at pagkatao bilang mga Pilipino ay dapat kilalanin at hindi itago; dahil sa mga ito, tayo ay makakapulot ng aral at lalong makikilala ang ating pagkatao. Sinasabi rin na dapat ay maging tunay na makabayan tayo sa ating bansa bago maging makadaigdigan *(internationalist).* Ang edukasyon ay dapat

na maging maka-Pilipino para sa mga Pilipino (Sepeda, 2012).

Ang edukasyong makabayan ay may pagkiling sa paggamit ng sariling wika bilang pangunahing wika sa mga talakayan at pagkatuto. Magiging tunay lamang ang ating pagka-Pilipino kung ang salitang ginagamit ay ang sariling wika. Hindi natin dapat na ipagkait sa mga Pilipino ang sariling atin (Sepeda, 2012). Kung magsusulat tayo ng ating sariling teolohiya, sikolohiya, at pilosopiya, nararapat lamang na ang mga ito ay nakasulat sa sariling wika. Sa pamamagitan nito, maiaangat natin ang ating lahi at pagkatao bilang mga Pilipino.

**Ang mga Tagaganap sa Makabayang Edukasyon**

Ang mga guro at mag-aaral ang mga tagaganap sa edukasyon kung saan sila ay magkapantay sa dangal at karapatan (Sepeda, 2012). Ang mga mag-aaral ay may aktibong pakikilahok sa proseso ng edukasyon. Sila ay hindi para lamang mga bangko na pinagdedeposituhan ng mga kaalaman. Dito ay parehong manlalakbay ang mag-aaral at guro sa pagtunghay, pagtukoy, at pagsusuri sa kanilang karanasan sa buhay. Dito ay pinagninilayan nila ang mga kaalaman at aklat sa literatura habang inuunawa ang kanilang mga karanasan sa buhay (Sepeda, 2012).

Ang mga mag-aaral din ay binibigyan ng kapangyarihan na makapagpasya para sa kanilang sarili at hindi umaasa lamang sa iba. Ang mga guro ang maaaring tagaturo ngunit ang mga mag-aaral pa rin ang magpapasya sa kanilang buhay. Ang guro at mag-aaral ay may dinamikong ugnayan kung saan pareho nilang ginagamit ang kanilang mga talento at kakayahan. Dumadaloy nang magkabilaan ang kanilang mga kaalaman sa pamamagitan ng pagsusuri at pakikisangkot upang mapaunlad ang kanilang pagkatao. Ang ganitong pagtuturingan ng mga mag-aaral at mga guro ay isang halimbawa kung paano ang edukasyon ay tumutulong sa pag-aangat ng kamalayan at pagpukaw ng damdamin. Dahil

dito, lalong malawak na mapapalipad ang kanilang mga diwa at kaisipan. Sa pagiging malaya ng mga kaisipan, lalong madaling makapagpapahayag ang isang tao ng kanyang mga napagnilayan at mga kuru-kuro. Dito makabubuo ng mga pagpapahalaga na siya namang pupukaw sa mga damdamin na magpapakilos sa isang tao nang naaayon sa kanyang layunin (Sepeda, 2012).

**Ang mga Pamamaraan**

Sa bahaging ito, ilalarawan naman ang iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo sa makabayang pilosopiya. Ang mga mungkahing pamamaraan ay nakabatay sa layunin ng nasyonalismo o makabayang pilosopiya na iangat ang kamalayan *(consciousness-raising)* at paunlarin ang isang tao (Sepeda, 2012). Sa mga pamamaraang ito, matutulungan ang isang mag-aaral na iangat ang kanyang kamalayan at mapaunlad ang sarili sa pamamagitan ng edukasyon.

May tatlong layunin ang pamamaraan: ang kaisipan *(cognitive),* damdamin *(affective),* at pakikisangkot *(psychomotor).* Ang tatlong aspektong ito ay magkakaugnay at hindi maaaring paghiwa-hiwalayin dahil ang edukasyon ay itinuturing na isang kabuuan (Sepeda, 2012). Bukod sa mga kaalaman na nakukuha ng mga mag-aaral, dapat ay mapukaw din ang kanilang damdamin. Bunsod nito, makakabuo ang mga mag-aaral ng pagpapahalaga para sa sarili at sa lipunan, na makatutulong naman sa pag-angat at pag-unlad ng sarili at ng lipunan. Sinasabi rin na dapat ang lahat ng asignatura ay may pakikisangkot, at hindi iisa tulad lamang ng praktikum. Ang pakikisangkot ay mahalagang bahagi dahil ito ang aspekto na magpapakita ng higit na pagkaunawa sa mga kaalaman at kaisipan na napag-aralan. Ang pagkatuto ng mag-aaral ay hindi limitado sa apat na sulok ng silid-aralan. Lalong matututo at mauunawaan ng isang mag-aaral ang mga teorya at kaalaman kung ang mga ito ay

naisasabuhay at gagamitin niya sa tunay na buhay. May kasabihan na "ang kaalamang walang gawa ay patay." Ibig sabihin nito ay mananatiling mga teorya at kaalaman lamang ang napag-aralan sa paaralan kung ang mga ito ay nasa isipan lamang ng isang tao. Sa ganitong pagsasabuhay, makahuhubog ng mga guro at mag-aaral na may damdamin na makisangkot at makialam sa lipunan dahil sa mga napag-aralan sa silid-aralan (Sepeda, 2012). Nararapat lamang na ang mga kaalamang ito ay gamitin sa pagpapaunlad ng sarili at ng lipunan.

Sa tatlong pamamaraang ito, makakahubog ng mga tunay na makabayan *(genuine nationalist)* na ayon kay Constantino, ay may totoong damdamin at pagkilos para mabago ang lipunan. Sila ay may mga masidhing damdamin upang kumilos at makibaka para sa pagbabago sa lipunan tungo sa kaunlaran (Gripaldo, 2009). Higit nilang nauunawaan ang kahalagahan ng nasyonalismo, dahil hindi lamang sa isip at damdamin ang pagiging makabayan ng isang tao. Higit na dapat ay ipakita niya ito sa kanyang mga gawa. Sang-ayon din si Constantino na maging aktibista at magprotesta. Ito ay pagpapakita ng higit pa sa pakikisangkot, kundi pakikibaka at pakikisa sa natatangi at pinakamataas na layunin ng edukasyon—ang pagpapanibago sa lipunan.

**Ang mga Nilalaman**

Sa bahaging ito naman ilalarawan ang mga nilalaman ng kurikulum na kailangang ituro sa mga paaralan. Karaniwan nang itinuturo sa mga paaralan ang mga asigntura tulad ng matematika at agham, ngunit sa makabayang edukasyon, lalong nakatuon ang mga nilalaman ng kurikulum sa pagkamakabayan o pagkamaka-Pilipino.

Nararapat lamang na maging bahagi rin ng mga kurikulum sa paaralan ang mga kontribusyon ng mga Pilipinong dalubhasa sa iba't ibang larangan. Maaaring pag-aralan ang

kanilang mga teorya, kaisipan, pananaliksik, at mga gawang literatura (Sepeda, 2012). Sa halip na pag-aralan ang mga maka-Kanluraning kaisipan, tayong mga Pilipino ay dapat magkaroon ng sariling kaisipan na dapat ay higit nating alam at pinag-aaralan. Tulad nina Quito sa larangan ng pilosopiya at Enriquez sa larangan ng sikolohiya, may mga Pilipinong intelektwal na itinataguyod ang mga Pilipinong kaisipan sa iba't ibang larangan. Ang mga pag-aaral, pagsusuri, at pananaliksik na kontribsuyon ng mga dayuhan na may kinalaman sa Pilipinas at sa ating mga Pilipino ay dapat ding isa-alang-alang. Sa pamamagitan ng mga ito, nauunawaan natin ang ating pagka-Pilipino sa mata ng mga dayuhan (Sepeda, 2012). Kung susuriin naman ang mga sinulat ng mga Pilipinong dalubhasa, makikita at lalong mauunawaan ang kanilang mga karanasan.

Isa pang mahalagang salik na dapat laman ng mga kurikulum ay ang makatotohanang kasaysayan ng Pilipinas (Sepeda, 2012). Marami mang bersyon ang kasaysayan, mahalaga na bigyang linaw ang mga katanungan, maipaliwanag ang mga pangyayari sa nakaraan, at malaman ng higit na nakararami ang ating totoong kasaysayan dahil marami pa ring bahagi ng ating kasaysayan ang hindi lubusang alam ng karamihan. Maging ang mga hindi magandang pangyayari sa ating kasaysayan at ang mga dayuhan ay mahalaga rin na pag-aralan at tanggapin dahil ang lahat ng ito ay bahagi ng ating pagiging Pilipino (Sepeda, 2012). Sa ganitong paraan, lalong nauunawaan at higit pang namumulat ang mga Pilipino sa mga naganap sa nakaraan. Ang pagsusuri sa ating kasaysayan ay magdudulot ng lalong malalim at higit na pagkakilanlan sa ating lahi, bansa, at pagka-Pilipino.

Gayundin, dapat na may puwang sa kurikulum ang kultura, panitikan, sining, at tradisyong Pilipino (Sepeda, 2012). Maging ang mga katutubong kalinangan ay dapat pag-aaralan dahil dito natin makikita ang ating pinagmulan (Sepeda, 2012). Sa pag-aaral din

ng mga ito, makikita natin ang mga pangkalahatang pagbabago at pag-unlad sa sarili, pag-uugali, at lipunan. Nararapat din na ang wikang panturo ay ang wikang Filipino at pati na rin ang mga katutubong wika (Sepeda, 2012).

Dapat na ang puso ng kurikulum ay ang pagkamakabayan. Sa kasalukuyang kurikulum ay may asignatura bilang edukasyon sa pagpapahalaga kung saan hinuhubog sa mga mag-aaral ang mga kaalaman, kakayahan, at pagpapahalaga na kailangan sa tunay na sitwasyon sa buhay (Sepeda, 2012). Hindi sapat na ang hinuhubog sa paaralan ay ang mga kaalaman at kakayahan lamang. Ang mga pagpapahalaga sa buhay ay dapat hinuhubog din sa mga mag-aaral. Ang mga pagpapahalagang ito ay hindi naituturo ng mga libro o teorya. Ang mga ito ay natutuhan at natutuklasan sa mga karanasan at hindi ibinibigay lamang (Sepeda, 2012). Ang mag-aaral at guro ay magkasamang tutuklas ng mga pagpapahalaga gaya ng pagiging makabayan, makatao, makakalikasan, at maka-Pilipino na dapat isabuhay. Ito ay isang paraan ng pagbibigay o pagbabalik - muli sa lipunan ng mga bagay na ipinagkaloob sa atin.

Higit sa lahat, hindi natatapos ang edukasyon sa loob ng silid-aralan. Dapat ay may pagsasabuhay at pakikisangkot para sa lipunang ginagalawan (Sepeda, 2012). Ibig sabihin, ang mga pagpapahalaga mula sa edukasyon ay dapat gawin at kongkretong maranasan ng mga mag-aaral at mga guro. Kailangan din na maikintal sa mga mag-aaral na ang mga pagkilos at pakikisangkot ay naglalayon na paunlarin ang buhay at lipunan (Sepeda, 2012).

**Kongklusyon**

Ang nasyonalismo o makabayang pilosopiya ay isang ideloyohiya tungkol sa sarili at panlipunang pagkakilanlan sa sariling bayan. Layunin ng makabayang pilosopiya na iangat ang estado ng pamumuhay tungo sa higit na maunlad at magandang buhay ng bawat

mamamayan sa lipunan (Sepeda, 2012).

Kaya naman, ang pilosopiya ni Renato Constantino ay nakatuon sa dekolonisasyon at sa masa. Tinalakay niya ang mga epekto ng pagiging kolonya ng Pilipinas sa ilalim ng mga banyaga sa loob ng mahabang panahon. Ang mga epektong ito ay nagbunsod upang malinang ang makakolonyal na kamalayan o kaisipan ng mga Pilipino kung saan ang kanilang interes at mentalidad ay nakatuon sa dayuhang kultura. Gayundin, ang edukasyon na ipinakilala sa atin ng mga Amerikano ay nakaayon sa kanilang kultura o pamumuhay. Ang edukasyon ay kanilang ginamit upang masupil at masakop ang Pilipinas. Sila ay nagpanggap na kakampi ngunit ang layunin ay masakop ang bansa. Dahil dito, ang mga Pilipino ay napasunod at nahubog ang kamalayan sa maka-Amerikanong kaisipan. Pati ang kanilang mga gawi, paniniwala, wika, at kultura ay sinunod ng mga Pilipino. Dahil dito, nagkaroon ng *colonial mentality* ang mga Pilipino, kung saan ang diwa ng pagiging makabayan o nasyonalismo ay unti-unting nawala, at napalitan ng banyagang diwa.

Kaya naman ang sabi ni Constantino ay gamitin ang edukasyon sa dekolonisasyon at gawing instrumento ng pagbabago ng lipunan at pagpapanumbalik ng maka-Pilipinong kamalayan (Gripaldo, 2009). Sa makabayang pilosopiya sa edukasyon, ipinakita kung paanong magagamit sa edukasyon ang diwang makabayan upang magkaroon ng pagbabago sa lipunan. Ang mga damdamin, kaisipan, at pakikisangkot ang mga pamamaraan upang maisakatuparan ang layunin ng makabayang pilosopiya. Ngunit ang pakikisangkot ay hindi lang simpleng pagkilos. Ito ay nangangailangan ng aktibong partisipasyon sa mga gawain sa pagpapanibago ng lipunan. Sang-ayon si Constantino sa mga pagsusulong at pakikibaka sa mga protesta upang maisakatuparan ang mga layunin ng nasyonalismo. Hindi natatapos sa loob ng silid-aralan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, dapat ay matuto sila sa

mga totoong sitwasyon sa buhay. Kailangang isabuhay ang napag-aralan dahil ang kaalamang walang gawa ay patay. Ang dapat nilalaman ng mga kurikulum ay ang kontribusyon ng mga Plipinong dalubhasa, ang makatotohanang kasaysayan ng Pilipinas, mga katutubong kalinangan, panitikan, at sining. Ang puso ng kurikulum ay ang mga pagpapahalaga tulad ng pagkamakabayan, makakalikasan, maka-Diyos, at makatao. Sa huli, magkakaroon ng higit na pagkaunawa sa ating kamalayan bilang Pilipino at pagpapahalaga sa pagpapanatili ng diwa at damdaming Pilipino.

Kung ang bawat paaralan ay maglalayong humubog ng mga mag-aaral na may mga pagpapahalaga para sa sarili at sa lipunan, kasabay ng kanilang pag-unlad bilang tao, lalong mapapadali ang pag-unlad ng kanilang bansa. Kaya nararapat lamang na kumilos at makiisa sa pagpapanibago ng lipunan para sa ikasasaayos nito, at ibalik sa bansa ang pagpapahalaga kapalit ng lahat ng mga tinatamasa ngayon.

Talasanggunian

Agoncillo, T. (1974). *Filipino nationalism 1872-1970*. Quezon City: R. P. Garcia Publishing Company.

Constantino, R. (1982). *The miseducation of the Filipino.* Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Constantino, R., at Constantino, L. (1996). *Ang bagong simula I.* (Isinalin nina Lamberto E. Antonio at Ariel D. Borlongan). Quezon City: University of the Philippines Foundation and Nationalist Studies.

Covar, P. R. (1993). Kaalamang bayang dalumat ng pagkatao ng Pilipino. *Pilipinolohiya: kasaysayan, pilosopiya, at pananaliksik*. Manila: Kalikasan Press.

Diokno, J. W. (1969). *Talumpati sa harap ng Philippine Columbian Association* (Inilimbag na talumpati). Philippine Columbian Association.

Dionisio, J. (2002). Introduction: The project of nationhood. In R. David, *Nation, Self and Citizenship: An Invitation to Philippine Citizenship*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines.

Diokno, J. W. (1975). Talumpati para sa isang grupo ng magsisipagtapos (Inilimbag na talumpati).

Diokno, J.W. (1984). *Kaakbay primer series no. 2.* Manila: Kaakbay.

Gripaldo, R. (2009). *Filipino philosophy: Traditional approach.* Quezon City: C & E Publishing (Inilimbag ng Kaakbay, Manila noong 1983).

Sepeda, B.N. (2012). Isang pagpapanibago ng edukasyon sa Filipinas batay sa isang makabayang pilosopiya (A renewal of education in the Philippines based on a nationalistic perspective). *Malay 24* (2), 57-70.

Simbulan, R. (2009). *Renato Constantino, revisited: Reflections on the nationalist paradigm in the era of failed liberalism.* Retrieved from http://bulatlat.com/main/2009/05/09 / renato-constantino-revisited-reflections-on-the-nationalist-paradigm-in-the-era-of-failed-neoliberalism/

Quito, E. S. (1983). *The State of philosophy in the Philippines.* Manila: De La Salle University Research Center.

Quito, E. S. (2002). *Critique of historical theory.* Manila: De La Salle University Press.